## Mga Paraan para Maresolba ang mga Alalahanin

Kung mayroon kayong alalahanin, isang mabilis na paraan para maresolba ang mga isyu ay ang direktang makipag-usap sa inyong tagapagkaloob o tagapamahala ng programa.

Kung hindi kayo sumasang-ayon sa inyong paggamot o medisina, puwede kayong humingi ng second opinion mula sa ibang doktor sa inyong programa ng paggamot o sa pamamagitan ng pagtawag sa **Access & Crisis Line** sa **1-888-724-7240 (TTY: 711)**. Wala kayong babayaran para sa second opinion.

Nakipagkontrata ang County of San Diego Behavioral Health Services (Ang Plano) sa dalawang ahensya para tulungan ang mga miyembro na resolbahan ang mga isyu sa kanilang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali. Para sa tulong sa isang hinaing o apela, maaari kayong makipag-ugnayan sa isa sa mga ahensya sa ibaba.

**Para sa mga Serbisyo sa Inpatient/Tirahan, tawagan ang:**
**JFS PATIENT ADVOCACY**
**619-282-1134 or 1-800-479-2233**

**Para sa mga Serbisyo sa Outpatient, tawagan ang:**

**CCHEA**
**(Consumer Center for Health Education & Advocacy)**
**1-877-734-3258**

## Ang Inyong mga Karapatan sa Proseso

Ang matrato nang may paggalang at makatanggap ng paggamot sa wika na nais ninyo.

Ang makatanggap ng second opinion sa inyong paggamot o medisina.

Ang makapili ng taong kikilos sa ngalan ninyo. Kapag may nakasulat na pahintulot, maaari kayong maghalal ng tagapagkaloob o awtorisadong kinatawan para kumilos sa ngalan ninyo.

Ang makapagdala ng isang kasama ninyo sa mga pagpupulong at pagdinig.

Ang maging malaya sa diskriminasyon o parusa dahil sa paghain ng hinaing o apela.

Ang maprotektahan ng batas ang inyong privacy.

# ANG PROSESO NG PAGRESOLBA SA PROBLEMA

**Mga Hinaing, Mga Apela,**
**at Mga Makatarungang Pagdinig ng Estado**

**COUNTY OF SAN DIEGO BEHAVIORAL HEALTH SERVICES**

County of San Diego BHS – Tagalog - Rev. Feb 2026

## Paano Maghain

Maaari kayong maghain nang pasalita o berbal sa telepono o personal sa Ahensya ng Adbokasiya (ang mga berbal na kahilingan sa pag-apela ay dapat masundan ng isang nakasulat na apela). Maaari din kayong maghain nang nakasulat kasama ng isang form para sa Karaingan at Apela na makukuha sa opisina ng inyong tagapagkaloob.

Maaaring maghain nang pasalita o nakasulat ang isang tagapagkaloob o awtorisadong kinatawan sa ngalan ninyo. Ang mga apela na inihain ng isang tagapagkaloob sa ngalan ninyo ay nangangailangan ng inyong nakasulat na pahintulot.

## Mga Makatarungang Pagdinig ng Estado

Kung nagawa ninyo ang lahat ng magagawa sa Proseso ng Pag-apela sa Plano, maaari kayong humiling ng isang **Makatarungang Pagdinig ng Estado** kung hindi kayo sumasang-ayon sa panghuling desisyon sa apela mula sa ginawang hindi magandang pagpapasya tungkol sa benepisyo (adverse benefit determination) kaugnay ng mga serbisyo sa inyo. Puwede rin kayong humiling ng pagdinig tungkol sa hindi napapanahong paggawa ng desisyon sa apela.

Dapat hilingin ang isang Makatarungang Pagdinig ng Estado sa loob ng 120 araw mula ng matanggap ang desisyon sa inyong apela. Maaari din kayong humiling na ipagpatuloy ang pagtanggap ng mga serbisyo habang naghihintay kayo ng desisyon. Dapat isagawa ang kahilingan sa loob ng 10 araw mula sa petsa ng desisyon sa inyong apela. Hindi kayo aatasang magbayad para sa patuloy na mga serbisyo habang ang inyong pagdinig ay nakabinbin o kung ang pinal na desisyon ay pabor sa hindi magandang pagpapasya tungkol sa benepisyo (adverse benefit determination) ng county.

Para sa tulong sa **Department of Social Services** direktang paghain ng Makatarungang Pagdinig ng Estado, puwede kayong tumawag sa 1-800-743-8525 o pumunta sa https://www.cdss.ca.gov/hearing-requests

Sa loob ng 5 araw ng kalendaryo mula ng matanggap ito, makakatanggap kayo ng sulat na nagkukumpirma ng pagkakatanggap ng inyong hinaing o apela. Makakatanggap kayo ng nakasulat na desisyon sa loob ng 30 araw ng kalendaryo.

Maaari kayong humiling na ipagpatuloy ang mga serbisyo habang nakabinbin ang desisyon sa inyong apela. Dapat gawin ang kahilingan sa loob ng 10 araw mula sa petsa na naipadala sa koreo o personal na naihatid sa inyo ang inyong NOABD (Notice of Adverse Benefit Determination o Abiso ng Hindi Magandang Pagpapasya tungkol sa Benepisyo).

Hindi kayo aatasang magbayad para sa patuloy na mga serbisyo habang nakabinbin ang inyong apela o kung ang desisyon sa apela ay pabor sa hindi magandang pagpapasya tungkol sa benepisyo (adverse benefit determination) ng county.

Maaaring maghain ng **pinabilis na apela** kapag ang karaniwang proseso ay lubhang mailalagay sa panganib ang buhay, kalusugan, o kakayahang makamit, mapanatili, o mapanumbalik ang maximum na paggana/pagkilos. Kung natutugunan ng inyong apela ang mga kinakailangan para sa pinabilis na apela, makakatanggap kayo ng desisyon sa loob ng 72 oras mula ng matanggap ito.

## Mga Hinaing at Apela

Ang isang **hinaing** ay anumang pagpapahayag ng hindi kasiyahan ninyo sa inyong mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na hindi saklaw ng proseso sa apela o Makatarungang Pagdinig ng Estado.

Kabilang dito ang mga alalahanin tungkol sa kalidad ng inyong pangangalaga, paano ka tinatrato ng mga kawani at tagapagkaloob, at mga hindi pagsang-ayon tungkol sa mga desisyon tungkol sa inyong pangangalaga. Maaari kayong maghain ng hinaing anumang oras.

Maaaring maghain ng **apela** kapag hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon tungkol sa mga serbisyo na kasalukuyang ninyong natatanggap o nais na matanggap.

Ito ay kahilingan para sa pagsusuri ng **Abiso ng Hindi Magandang Pagpapasya sa Benepisyo** (Notice of Adverse Benefit Determination, NOABD). Ang isang NOABD ay isang pormal na sulat tungkol sa aksyon tungkol sa inyong mga serbisyo o inyong kahilingan para sa mga serbisyo. Dapat ihain ang apela sa loob ng 60 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng NOABD.